

# Safe Routes to School Racial Equity Analysis (Mga Ligtas na Ruta papuntang Paaralan na Pagsusuri sa Pagkakapantay-pantay ng Lahi)

TAGALOG

## MITHIIN SA PAGKAKAPANTAY-PANTI NG LAHI

Ang aming mithiin para sa mga bata ng paaralan ng Seattle ay masimulan ang kanilang araw nang nararanasan ang mga benepisyo ng paglalakad at pamimisikleta papunta sa paaralan, kasama na ang:

- Maging masaya
- Maging ligtas ang pakiramdam
- Pagtatatag ng mga ugnayan sa kanilang mga komunidad
- Pagdating sa paaralan na nasa oras para sa almusal at handang matuto
- Napahusay na kalusugan ng katawan at ng kaisipan

Para masuportahan ang pagsisikap ng Seattle na wakasan ang institutionalized racism at makapagtatag ng isang mas makatarungang lungsod, pinagtutuunan namin ng pansin ang mga estudyante sa mga grupong ito: ang mga komunidad ng ibang lahi, mga may mababang kita na komunidad, mga komunidad ng imigrante at refugee, mga taong may kapansanan, mga taong sumasailalim ng kawalan ng matutuluyan (homeless) o kawalan ng kasiguraduhan sa tirahan, ang komunidad ng LGBTQ, at mga kababaihan.

## ANG PROSESO NG PAGSUSURI SA PAGKAKAPANTAY-PANTAY NG LAHI

Sa darating na taon, ang ating pagsusuri sa pagkakapantay-pantay ng mga lahi ay:



### Fall 2017

Susuri ng mga data kung paano nating napaglingkuran ang mga komunidad sa mga nakalipas na taon



### Winter 2018

Kabilangan ng mga taong naapektuhan ng ating programa sa pamamagitan ng mga talakayan at survey

Kami ay nakikipag-partner sa mga sumusunod na paaralan batay sa pagkakaiba-iba ng lahi, etnisidad at wika ng kanilang mga estudyante:

- Aki Kurose Middle School
- Bailey Gatzert Elementary
- Concord Elementary
- Dearborn Park Elementary
- Dunlap Elementary
- Rainier Beach High School
- West Seattle Elementary
- Wing Luke Elementary



### Spring 2018

Bubuo ng mga bagong estratehiya at partnership para matamo ang ating mithiin para sa pagkakapantay-pantay ng lahi. Kilalanin ang mga sukatan sa pagtatasa para makita ang ating pagsulong patungo sa mithiing ito



### Summer 2018

Mag-ulat pabalik sa mga komunidad



Kami ay may pananagutan na makipagtrabaho kasama ng mga komunidad para mas mainam na maunawaan kung paano namin mapapahusay ang programa na Mga Ligtas na Ruta papuntang Paaralan para mapaglingkuran ang mga estudyante ng Seattle na iba ang lahi, sa pinakamabuting paraang posible.

## NAIS NAMING MAKARINIG MULA SA INYO!

Abangan ang aming survey sa koreo, online, at sa mga organisasyon ng paaralan at komunidad sa buong Seattle.

## IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN

[www.seattle.gov/transportation/projects-and-programs/safety-first/safe-routes-to-school](http://www.seattle.gov/transportation/projects-and-programs/safety-first/safe-routes-to-school)  
Namumuno sa Proyekto | Mitchell Lloyd | (206) 256-5378 | [mitchell.lloyd@seattle.gov](mailto:mitchell.lloyd@seattle.gov)  
Program Manager ng Mga Ligtas na Ruta sa Paaralan | Ashley Rhead | (206) 684-7577  
[ashley.rhead@seattle.gov](mailto:ashley.rhead@seattle.gov)




**Seattle**  
Department of  
Transportation

## BAKIT MAHALAGA ANG SAFE ROUTES TO SCHOOL RACIAL EQUITY ANALYSIS?

Ang mga bilang ng mga estudyanteng naglalakad at nagbibisikleta ay malaking ang ibinaba habang ang lubusang katabaan ng mga kabataan ay halos apat na beses ang dinami nitong huling apat na dekada; ito ay hindi wastong naka-apekto sa mga komunidad ng ibang lahi.

- Ang mga Black at Latino na bata ay may mas mataas na bilang ng lubusang pagkataba at may gawi na sila ang may pinakakaunting may access sa mga parke, laruan, o mga malalakarang kalye.
- Halos ¼ ng kabataang Black ay nakakakuha ng mas kaunti sa inirerekumandang oras ng pisikal na aktibidad sa pang-araw araw, kumpara sa 13% ng mga White na kabataan
- Sa Seattle, ang mga paaralan na may matataas na porsiyento ng mga estudyante na iba ang lahi ay mas kaunti ang bilang ng mga naglalakad at namimisikleta kaysa sa mga paaralan na may mas kaunti sa 50% na mga estudyante ng ibang lahi.


**Porsiyento ng Pagbibisikleta at Paglalakad ng Estudyante sa Seattle ayon sa Lahi**



Ang aktibong pag-commute papuntang paaralan ay may pangmatagalan at tumatagal na mga benepisyong pangkalusugan at maaaring makapagpababa sa panganib ng pagiging lubos na mataba ng kabataan na inuugnay sa:

- cardiovascular na sakit
- diabetes
- kanser
- stroke

Ang mas pinadulas na pisikal na aktibidad ay maaari rin magresulta sa mas mahusay na kalusugang pangkaisipan at kalusugan ng katawan at pagtatagumpay sa paaralan.




## ANG SAFE ROUTES TO SCHOOL PROGRAM

Ang Safe Routes to School na programa ng Department of Transportation ng Seattle ay nagtatrabaho upang mapadali at gawing mas ligtas para sa mga estudyante na maglakad at mamisikleta papuntang paaralan. Kami ay gumagamit ng kombinasyon ng mga estratehiya:

- **Edukasyon** – pagtitiyak na alam ng lahat kung paano bumiyahang ligtas
- **Paghihikayat** – pagtataguyod sa paglalakad at pamimisikleta sa komunidad ng paaralan
- **Engineering** – paglilikha ng mga proyekto tulad ng mga bagong sidewalk, mas ligtas na mga tawiran, at pinahusay na mga kalye para makapagbisikleta
- **Pagpapatupad** – pakikipag-partner sa Seattle Police Department para mapatupad ang mga batas para sa mas ligtas na trapiko
- **Pagtatasa** – pagsusubaybay sa pagsulong patungo sa ating sama-samang mga layunin sa kaligtasan
- **Pagbibigay lakas o kapangyarihan** – pagkakaloob ng mga mapagkukuhanan ng tulong o impormasyon sa mga champion ng paaralan

Para matamo ang aming mithiin, kailangan naming maunawaan ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa mga bilang ng naglalakad at nagbibisikleta sa mga estudyante ng Seattle, at makipagtrabaho sa mga komunidad patungo sa mga solusyon.



Ang Safe Routes to School na programa ng Seattle ay gumagamit ng isang pamamaraan na pinamumunuan ng pagiging pantay-pantay ng lahi para maitaguyod ang mas aktibong pag-commute sa mga estudyante dahil ang lahat ng mga bata ay may karapatan sa kalusugan, kaligayahan, pagtatagumpay sa pag-aaral, anuman ang kanilang lahi.